

# Rubella

## Sino ang hindi dapat bigyan ng MMR o Bakuna sa Rubella?

- Ang mga taong alergik sa antibiotic neomycin.
- Ang mga kababaihang buntis na at sa mga nagbabalak na mabunits sa loob ng isang buwang pagbabakuna.
- Ang mga taong mayroong karamdaman o gumagamit ng gamot katulad ng cortisone o prednisolone na nakahahadlang sa ating panlaban sa sakit.
- Ang sinumang dumadanas ng matinding impeksiyon.

## Para sa karagdagang impormasyon

- Magkonsulta sa doktor.
- Magtanong sa opisang pangkalusugan ng inyong pamahalaang lokal.
- Magtanong sa mga nars sa maternal at child health clinic.
- Mayroong impormasyon ang mga Family planning clinic.
- Immunisation Unit, Victorian Government  
Telepono 1300 882 008  
o tignan sa Website [www.Health.vic.gov.au/immunisation](http://www.Health.vic.gov.au/immunisation)
- Rubella Education Nurse, Deafness Foundation  
Telepono (03) 9887 8683  
Email [rubella@deafness.org.au](mailto:rubella@deafness.org.au)  
Website [www.deafness.org.au](http://www.deafness.org.au)

## Mga Pagsasalin sa ibang Wika

Makukuha ang polyetong ito sa ibang pangkomunidad na wika sa Deafness Foundation. Ang tulong pangwika ay maaaring makuha sa Translating nad Interpreting Service (TIS). Libre sa pagatawag sa 13 1450.

## Rubella



**Deafness Foundation**

Published by  
DEAFNESS FOUNDATION  
(VICTORIA)  
PO. Box 42, Nunawading 3131.  
Telephone (03) 9887 8683 Fax (03) 9887 8848  
E.mail [rubella@deafness.org.au](mailto:rubella@deafness.org.au)  
Web site [www.deafness.org.au](http://www.deafness.org.au)

Publication sponsored as a community service by:



Endorsed by Immunisation Unit,  
State Government of Victoria

February 2005  
Project CSLV 2100.5.00

Mahalagang mga kaalaman para sa bawa't isa sa komunidad na may natatanging pagpapahalaga para sa mga babaing nasa edad ng pagdadalang-tao.



# Rubella

## Ano ang Rubella?

Ang Rubella [tawag rin ay German Measles (tigdas)] ay lubhang nakakahawang impeksiyon na pangkaraniwan sa mga bata subali't tinatablan din ang mga tinedyer at may edad. Maaaring wala itong mga sintomas ngunit ang pangkaraniwan ay sinat, namamagang glandula, masakit na kasukasuan at singaw sa mukha at sa leeg na magtatagal ng dalawa o tatlong araw. Ang paggaling nito ay parating mabilis at lubos.

**Pinakamapanganib ang impeksiyong rubella sa mga unang 21 linggo ng pagkabuntis.** Bilang resulta nito, maaaring lumabas ang sanggol na bingi, bulag, may pinsala sa puso at mga kapinsalaan sa pag-iisip. Ang tawag sa karamdamang ito ay Congenital Rubella Syndrome (CRS).

## Paano ang pagkalat ng Rubella?

Ang pagkalat ng rubella ay katulad ng pagkalat ng pangkaraniwang sipon at maaaring mahawa mula sa pag-ubo at pagbahin ng isang taong maysakit nito. Sa karaniwan aabot ng dalawang linggo bago mag-umpisa ang mga sintomas ng rubella at hindi namamalayan ng iba na sila ay may sakit. Sa panahong ito, maaaring mahawa ang iba kasali ang mga kababaihan na bagong buntis na hindi pa nababakunahan. Ang mga unang araw ng pagbubuntis **ang pinakamapanganib na panahon sa bata.**

## Sino ang mahahawa ng Rubella?

Ang sinumang hindi pa nagkakaroon nito, hindi pa nababakunahan o sa anumang dahilan ay hindi nagkaroon ng sapat na panlaban ay maaaring tablan nito. Sa karaniwan ang pagbabakuna ay nagkaloob ng proteksiyon subali't 5-10% sa mga nabakunahan ay maaari pa rin mahawa sa dahilang hindi sila nagkaroon ng sapat na (antibody) panlaban sa sakit.

## Papaano natin mapipigilan ang Congenital Rubella?

**Maaaring mahadlangan ang CRS at rubella!** Ang pinakamabuting paraan upang mapigilan ang mga kapinsalaan sa mga batang isisilang ay dapat tiyakin na lahat ng mga kababaihan ay nabakunahan laban sa rubella sa mula't mula pa bago mabuntis. Tiyakin na huwag munang mabuntis sa loob ng isang buwan ng pagkabakuna at ang mga kababaihang buntis ay dapat magpabakuna na lamang pagkapanganak na. Ang pagbabakuna sa mga bata at sa di pa nababakunahang mga babae ay makatutulong sa pagpigil ng pagkalat ng rubella sa komunidad.

Inirekomenda sa Australya na lahat ng mga bata ay dapat magkaroon ng dalawang hiwalay na doses na bakunang MMR [measles (tigdas), mumps (baiki) at rubella]. Ang una ay ibibigay sa edad na 12 buwan at ang pangalawa ay sa 4 na taong gulang. Pananggalang ito sa tatlong sakit.

Lahat ng taong isinilang noon o pagkatapos ng 1966 ay kailangang magpa-eksamen ayon sa estado ng kanilang pagbabakuna upang tiyakin na may roon silang dalawang dosis ng MMR vaccine. May malaking panganib sila mismong mahawa o makahawa sa iba.

Hinihikayat silang magpabakuna para maprotektahan ang kanilang sarili at ang komunidad.

Mahalaga ang pagsuri sa dugo bago mabuntis upang matiyak na ang babae ay mayroong sapat na panlaban sa rubella. Kung ang panlaban ay mahina o nawala, dapat ulitin ang pagbabakuna laban sa MMR o rubella. Ang karagdagang pagsusuri ng dugo ay gagawin pagkaraan ng 6-8 na linggo upang matiyak na ang bakuna ay nagkaloob ng sapat na proteksiyon.

## Sino ang nasa malubhang peligro?

Ang mga taong ipinanganak sa ibang bansa na walang nakaugaliang pagbabakuna para sa mga bata ay kailangan ng pagbabakuna laban sa rubella lalo na kung dumating sila sa Australia pagkatapos ng apat na taong gulang. Lahing-lalo na, ang mga kakababaihang ipinanganak sa mga bansa ng Asia at Aprika ay hinihimok na magpabakuna laban sa rubella sa una nilang pagbubuntis dahil sa karamihan sa kanila ay walang proteksiyon.

ANG PAGKAROON NG TIGDAS SA PAGKABATA AY HINDI MAGAGARANTIYA NA KAYO AY PROTEKTADO LABAN SA RUBELLA SA BANDANG HULI NG INYONG BUHAY. ANG PAGESUSURI NG DUGO BAGO MABUNTIS AY KAILANGAN UPANG MATIYAK ANG KALIGTASAN.

## Saan maaaring magpabakuna?

Makapagbibigay ng pagbabakunang serbisyo ang inyong lokal na doktor, klinika ng pagpapaplano ng pamilya, sentro ng pankalusugang komunidad at lokal na pamahalaan.

## Mga Epekto - Komplikasyon

Ang mga epekto ng bakuna na MMR ay bale wala kapag ihahambing sa mga komplikasyon ng rubella sa pagkabuntis. Ang mga pangkaraniwan na reaksiyon ay ang pagkasama ng pakiramdam, pagkaroon ng sinat at kung minsan ay ang pagkaroon ng singaw pagkaraan ng labing-isang araw ng pagkabakuna. Hindi nakakahawa sa iba ang mga taong nabakunahan. Ang mga malubhang reaksiyon, katulad ng pamamaga ng utak, ay masyadong pambihira, maaaring mangyari sa isa sa isang milyong doses, o mas maliit pa. Maaaring pag-usapan ninyo ng inyong doktor ang mga peligro at mga pakinabang.